# ALAMIN AT UNAWAIN ANG BAWAT MAG-AARAL NATIN

*by:*
**Shiela M. Rivera, EdD**
*Master Teacher I, Magsaysay Elementary School*

Ayon sa mga pananaliksik, napakahirap ng buhay sa paaralan kung wala ang pagtutulungan ng guro, Sampu… Dalampu…. Tatlumpu….. Apatnapu… o minsan pa nga ay limampung bata ang pumapasok sa bawat silid-aralan na tinuturuan, inaayos at pinakikisamahan ng mga dakilang guro. Ang bawat isa sa kanila ay may kanya-kanyang pinagmulan at kulturang kinagisnan na hindi basta-basta maiaalis at kailangang bigyang pansin nang may paggalang.

Ang bawat mag-aaral ay natatangi sapagkat mayroon silang sariling lakas, kahinaan, at paraan ng pagproseso ng impormasyon. Hindi pantay-pantay ang kanilang abilidad sa pag-aaral kaya dapat makilala ng guro isa-isa ang kanyang mga mag-aaral. Napakahirap nito ngunit kinakailangang gawin at tandaan. May mga batang mabilis makaunawa ng mga aralin at mayroon din namang mabagal magproseso ng mga aralin sa klase. Ang mga katangiang ito ay dahil sa iba't ibang salik. Isa na rito ay ang genetika na nakuha sa kanilang angkang pinagmulan; kapaligiran na kinalakihan; mga karanasan habang lumalaki; at mga istilo ng pag-aaral

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang genetika na nakuha ng isang tao sa kanyang mga magulang ay may mahalagang papel na ginagampanan sa paghubog ng mga kakayahan at potensyal ng isang mag-aaral sa kanyang pag-aaral. Ayon sa mga nagdaang pananaliksik ay may ilang genes ang nauugnay sa mga partikular na katangian tulad ng alaala, atensyon, at bilis ng pagproseso ng natutunang kaalaman. Naniniwala tayong mga Pilipino na ang puno ng mangga ay hindi magbubunga ng santol gayundin naman sa tao. Kaya kahit ano pa man ang sabihin ng iba ay kadalasang minamana ng tao sa kanyang mga magulang ang kanyang mental na kapasidad.

Dagdag pa rito ay ang kapaligiran na maaari ring makaapekto at makaimpluwensya sa pag-unlad ng isang tao. Hinuhubog naman ng karanasan ang paraan ng pagpoproseso at pagpapanatili ng impormasyon ng mga indibidwal. Ang bawat isa ay may natatanging hanay ng mga karanasan na nakakaimpluwensya sa kanilang persepsyon, interpretasyon, at retensyon. Ang mga mag-aaral na nagkaroon ng positibong karanasan sa isang partikular na paksa ay mas nakakaunawa sa aralin. Subalit, ang mga mag-aaral naman na nakaranas ng mga traumatikong kaganapan ay maaaring mahirapan na makapagpanatili ng impormasyon dahil sa emosyonal na epekto nito. Isa pang salik na nakaaapekto sa pag-aaral ng isang mag-aaral ay ang istilo nitong matuto. Ang ilang mga indibidwal ay mas natututo sa pamamagitan ng biswal na pamamaraan habang ang iba ay mas gusto ang auditory o kinesthetic na mga karanasan sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanilang sariling istilo ng pag-aaral, maaaring gumamit ang mga guro ng iba't ibang estratehiya at mga gawain na makakatulong sa kanilang mag-aaral na mapanatili ang impormasyon nang mas epektibo at tulungan silang makamit ang kanilang buong potensyal at magsulong ng pagmamahal sa pag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.gettingsmart.com/2015/05/24/changing-the-mindset-of-education-every-learner-is-unique/

https://ashevilleacademy.com/blog/student-unique-individualized-learning/